

Ang buong teksto ng lahat ng mga Tanong sa Balota ay matatagpuan sa website ng Departamento ng Halalan sa www.ClarkCountyNV.gov/vote. Maaari din itong hilingin sa mga lokasyon ng Maagang Pagboto at Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan

TANONG NG ESTADO NUM. 1

Pagamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada*

Pinagsamang Resolusyon ng Senado Num. 7 ng ika 81 Sesyon

Dapat bang amyendahan ang *Konstitusyon ng Nevada* upang alisin ang ilang probisyon na namamahala sa Lupon ng mga Rehente para sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada at ang pangangasiwa nito sa Estadong Pamantasan at ilang pondo mula sa federal land grant at upang magbigay ng karagdagang pangangasiwa ng lehislatura sa mga pampublikong institusyon ng mas mataas na edukasyon sa pamamagitan ng regular na independiyenteng mga audit, nang hindi binabawi ang kasalukuyang proseso ng halalan ayon sa batas o iba pang umiiral na probisyon ayon sa batas na mayroong kaugnayan sa Lupon ng mga Rehente?

Oo

Hindi.....

PALIWANAG AT SUMARYO

PALIWANAG— Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay nangangailangan sa Lehislatura na magbigay para sa pagtatag ng isang Estadong Pamantasan na pinamamahalaan ng isang nahalal na Lupon ng mga Rehente na ang mga tungkulin ay itinakda ng batas. Bukod dito, ang *Konstitusyon ng Nevada* ay nagbibigay-daan para sa Lupon ng mga Rehente upang kontrolin at pamahalaan ang mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan sa ilalim ng mga regulasyon na itinatag sa pamamagitan ng batas. Ang panukalang ito, na kilala rin bilang “Reporma ng Mas Mataas na Edukasyon, Pananagutan at Amyenda ng Pangangasiwa ng Nevada,” ay aalisin ang mga probisyon sa konstitusyon na namamahala sa halalan at mga tungkulin ng Lupon ng mga Rehente at ang kanilang kontrol at pamamahala sa mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan. Mangangailangan ito sa Lehislatura na magtakda sa pamamagitan ng batas para sa pamamahala ng Estadong Pamantasan at para sa pagsusuri ng mga pampublikong institusyon ng mas mataas na edukasyon ng Nevada. Ang panukalang ito ay hindi magpapawalang bisa ng anumang umiiral na mga probisyon sa batas na namamahala sa Lupon ng mga Rehente, kabilang ang mga probisyon na nagbibigay para sa halalan ng mga miyembro ng Lupon, ngunit gagawin nitong isang statutory body ang Lupon na ang estruktura, pagiging miyembro, kapangyarihan at tungkulin ay pinamamahalaan ng mga umiiral na probisyon sa batas, na napapailalim sa anumang mga pagbabago sa batas na ginawa sa pamamagitan ng proseso ng lehislasyon.

Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay naglalaan na ang ilang pagpopondo na nakuha sa Estado ng Nevada sa ilalim ng isang batas pederal na pinagtibay ng Kongreso ng Estados Unidos noong 1862 ay dapat mamuhunan sa isang hiwalay na pondo at nakalaan para sa kapakinabangan ng ilang mga departamento ng Estadong Pamantasan, at kung ang anumang halaga ng hiwalay na pondo ay mawala o maling magamit dahil sa kapabayaan o anumang iba pang dahilan, dapat palitan ng Estado ng Nevada ang nawala o maling nagamit na halaga upang ang orihinal na kabuuang pondo ay manatiling hindi nababawasan. Ang panukalang ito ay mag-aamyenda sa mga probisyon sa pamamagitan ng: (1) paglilinaw sa mga legal na sipi sa batas pederal, kabilang ang lahat ng mga pagbabago ng Kongreso; at (2) pagtukoy na ang pondo na nagmumula sa ilalim ng batas pederal ay dapat na ipuhunan ng Estado ng Nevada sa paraang kinakailangan ng batas.

Ang isang “Oo” na boto ay mag-aamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada* sa pamamagitan ng: (1) pagtanggap ng mga probisyon na namamahala sa halalan at mga tungkulin ng Lupon ng mga Rehente at ang kanilang kontrol at pamamahala sa mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan at nangangailangan sa Lehislatura na magbigay sa pamamagitan ng batas para sa pamamahala ng Estadong Pamantasan at para sa pag-audit ng mga pampublikong institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada; at (2) pagbabago ng mga probisyon na namamahala sa administrasyon ng ilang pondo na nagmumula sa ilalim ng batas pederal at nakalaan para sa kapakinabangan ng ilang departamento ng Estadong Pamantasan.

Ang isang “Hindi” na boto ay magpapanatili ng mga umiiral na probisyon ng *Konstitusyon ng Nevada* na namamahala sa halalan at mga tungkulin ng Lupon ng mga Rehente at ang kanilang kontrol at pamamahala sa mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan at hindi nito babaguhin ang mga umiiral na probisyon na namamahala sa administrasyon ng ilang pondo na nagmula sa batas pederal at nakalaan para sa kapakinabangan ng ilang departamento ng Estadong Pamantasan.

SUMARYO— Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay nangangailangan sa Lehislatura na magbigay para sa pagtatag ng isang Estadong Pamantasan na pinamamahalaan ng isang Lupon ng mga Rehente na ang mga tungkulin ay itinakda ng batas. (Nev. Kons. Art. 11, § 4) Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay nag-aatas din sa Lehislatura na maglaan para sa halalan ng mga miyembro ng Lupon at maglaan para sa Lupon na kontrolin at pamamahalaan ang mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan sa ilalim ng mga regulasyong itinatag ng batas. (Nev. Kons. Art. 11, §§ 7, 8)

Ayon sa mga kinakailangan ng mga probisyon ng konstitusyong ito, ang Lehislatura ay nagpasa ng mga batas upang itatag ang Estadong Pamantasan at upang magbigay para sa halalan ng mga miyembro ng Lupon ng mga Rehente. (Nevada Revised Statutes [NRS] 396.020, 396.040) Bilang karagdagan, ang Lehislatura ay nagpasa ng mga batas upang: (1) itatag ang Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada, na binubuo ng Estadong Pamantasan at ilang iba pang mga institusyong pang-edukasyon, mga programa at operasyon; at (2) magbigay para sa Lupon ng mga Rehente na mangasiwa sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada at magtakda ng mga alituntunin para sa pamamahala at pangangasiwa nito. (NRS 396.020, 396.110, 396.230, 396.280, 396.300, 396.420, 396.440, 396.550)

Aalisin ng panukalang ito sa balota ang mga probisyon sa konstitusyon na namamahala sa Lupon ng mga Rehente at mangangailangan sa Lehislatura na magbigay sa pamamagitan ng batas para sa pamamahala ng Estadong Pamantasan at para sa pagsusuri ng mga pampublikong institusyon ng mas mataas na edukasyon. Ang panukalang ito ay hindi magpapawalang bisa ng anumang umiiral na batas na namamahala sa Lupon ng mga Rehente, kabilang ang mga probisyon na nagtatakda para sa halalan ng mga miyembro ng Lupon. Sa halip, sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga probisyon ng konstitusyon na namamahala sa Lupon ng mga Rehente, ang panukalang ito ay gagawing isang statutory body ang Lupon na ang estruktura, mga miyembro, kapangyarihan, at tungkulin ay pinamamahalaan ng mga umiiral na probisyon ng batas, na napapailalim sa anumang pagbabago sa batas na ginawa sa pamamagitan ng proseso ng lehislasyon.

Sa ilalim ng federal Morrill Land Grant Act ng 1862, ang bawat estado ay binigyan ng tiyak na mga federal land grant na ibebenta upang suportahan at panatilihin ang hindi bababa sa isang kolehiyo sa estado na nagtuturo ng parehong agrikultura at sining ng mekanika, kabilang ang mga taktika ng militar, basta’t ang estado ay sumasang-ayon sa mga tiyak na tuntunin at kondisyon kaugnay ng pangangalaga at paggamit ng mga kita mula sa pagbebenta ng mga federal land grant. (Batas ng Hulyo 2, 1862, ch. 130, §§ 1-8, 12 Stat. 503-05, na binago at isinama sa 7 U.S.C. §§ 301 et seq) Upang matiyak

ang mga benepisyong inaalok ng batas pederal, itinatakda ng *Konstitusyon ng Nevada* na ang pondo na nagmumula sa Estado ng Nevada sa ilalim ng pederal na batas ay dapat mamuhunan sa isang hiwalay na pondo at nakalaan para sa kapakinabangan ng mga angkop na departamento ng Estadong Pamantasan, at kung ang anumang halaga ng hiwalay na pondo ang mawala o maling magamit dahil sa kapabayaan o anumang ibang dahilan, kinakailangang palitan ng Estado ng Nevada ang nawalang o maling nagamit na halaga. (Nev. Kons. Art. 11, § 8) Ang panukalang ito ay magbabago sa mga probisyon sa pamamagitan ng: (1) paglilinaw sa mga legal na sipi sa batas pederal, kabilang ang lahat ng mga pagbabago ng Kongreso; at (2) pagtukoy na ang pondo na nagmumula sa ilalim ng batas pederal ay dapat na ipuhunan ng Estado ng Nevada sa paraang kinakailangan ng batas. Gayunpaman, dahil ang Estado ng Nevada ay kinakailangang pamahalaan ang pondo ayon sa kinakailangan ng batas pederal, ang panukalang ito sa balota ay hindi magbabago sa layunin o paggamit ng pondo sa ilalim ng batas pederal. (Estado ng Wyoming v. Irvine, 206 U.S. 278, 282-84 (1907))

ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Ang pagboto na pabor sa Tanong 1 ay magbibigay-daan para sa karagdagang pangangasiwa at pananagutan ng Lupon ng mga Rehente upang mapabuti ang pampublikong mas mataas na edukasyon ng Nevada. Ang Tanong 1 ay mag-uutos na ang Lehislatura ay magbigay para sa pamamahala ng Estadong Pamantasan, na nagbibigay sa Lehislatura ng kakayahang baguhin ang mga patakaran at pamamaraan ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada upang maging mas mabilis ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mas mataas na edukasyon ng Estado.

Sa loob ng maraming taon, nakatanggap ang Lehislatura ng mga reklamo tungkol sa mga patakaran at kasanayan ng Lupon, at ang Lupon ay gumawa ng mga hakbang na humadlang o sumira sa imbestigasyon at pagsusuri ng Lehislatura sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada. Ang mga hakbang ng Lupon ay nagdulot din ng mga kontrobersiya kaugnay sa kabiguan ng Lupon na panatilihin ang Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada at ang mga kolehiyo at Pamantasan nito sa mataas na pamantayan ng kaliwanagan at pananagutan, at sa mga nabigong paghahanap para sa pamunuan ng Lupon. Ang pag-apruba ng Tanong 1 ay magbibigay-daan sa Lehislatura na tugunan ang mga alalahanin kaugnay sa Lupon at sa mga miyembro nito sa pamamagitan ng pagbabago ng alinman sa mga patakaran at pamamaraan ng Lupon.

Bilang karagdagan, makikinabang ang mga nagbabayad ng buwis at mga estudyante mula sa mas mataas na pangangasiwa ng lehislatura sa mga desisyon sa pananalapi ng Lupon sa pamamagitan ng pagbawas sa potensyal para sa karagdagang maling pamamahala sa pananalapi sa loob ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada. Isang kamakailang pagsusuri ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada ang natagpuan na dahil sa malabo o hindi sapat na mga patakaran ng Lupon at kakulangan ng pangkalahatang pangangasiwa, ang mga institusyon ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada ay nakisangkot sa mga kahina-hinala at hindi angkop na aktibidad sa pananalapi mula 2018 hanggang 2022, kabilang dito ang paglipat ng pondo ng estado sa pagitan ng mga account na itinalaga para sa iba't ibang layunin, pag-redirect ng mga pondo ng estado sa ibang institusyon nang walang pahintulot ng lehislatura, paggawa ng hakbang upang maiwasan ang pagbabalik ng hindi nagamit na pondo sa Estado ayon sa inaatas ng batas, at paggastos ng mga bayarin ng estudyante sa mga paraang hindi direktang nauugnay sa mga layunin ng bayarin o nagpapahusay sa edukasyon ng mga estudyanteng nagbabayad nito. Ang Tanong 1 ay mangangailangan ng isang audit ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada tuwing dalawang taon, na magpapabuti sa pananagutan at kaliwanagan sa pamamahala ng pondo ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada.

Hindi kailanman nilayon ng mga tagapagbuo ng *Konstitusyon ng Nevada* na magkaroon ng ganap na kontrol ang Lupon sa pamamahala ng Estadong Pamantasan. Ang pagbibigay ng mga kapangyarihang konstitusyonal sa Lupon ay simpleng mayroong kaugnayan sa pag-access ng pondo mula sa federal land grant nang hindi nangangailangan ng hakbang mula sa Lehislatura. Gayunpaman, iginiit ng Lupon sa mga kaso sa harap ng Korte Suprema ng Nevada na ang kanyang katayuang konstitusyonal ay nagbibigay dito ng halos awtonomiya at sa gayon ay nagtataguyod ng kalayaan mula sa ilang mga batas at patakaran na ipinatupad ng Lehislatura. Batay sa testimong ibinigay sa lehislatura, mayroong impresyon na ang Lupon ay gumagamit ng kanyang katayuang konstitusyonal bilang panangga laban sa karagdagang pangangasiwa at pananagutan ng lehislatura at tila kumikilos ito bilang ikaapat na sangay ng pamahalaan kahit na ang *Konstitusyon ng Nevada* ay tinutukoy lamang ang mga Sangay ng Ehekutibo, Lehislatibo, at Hudikatura ng pamahalaan ng Estado. Ang paglipat ng Tanong 1 ay magpapahinto sa Lupon na gamitin ang kasalukuyan nitong katayuan sa konstitusyon upang protektahan ang Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada mula sa pagsusuri ng lehislatura.

Pahusayin ang ating pampublikong Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng mas malaking pananagutan, kaliwanagan at pangangasiwa ng sistema. Bumoto ng “Oo” sa Tanong 1.

ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang mga tagapagtaguyod ng Tanong 1 ay nais na maniwala ang mga botante na nagkamali ang mga bumuo ng *Konstitusyon ng Nevada*, at na ang pakikilahok ng Lehislatura ay sa ilang paraan ay magpapabuti sa kaliwanagan, kahusayan, at bisa ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada. Sa kasamaang palad, ang pagsasabatas ng tanong na ito sa balota ay hindi naggarantiya ng alinman sa mga ipinangakong benepisyo. Ang Tanong 1 ay walang iba kundi ang pagsisikap ng Lehislatura na makakuha ng higit pang kapangyarihan at kontrol, at ito ay magdadala lamang ng karagdagang pampulitikang panggigipit sa isang sistema ng pamamahala na mahusay na nagsisilbi sa Estadong ito. Ang mga naunang pagsubok na baguhin ang pamamahala ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang isang katulad na tanong sa balota noong 2020 upang alisin ang katayuan ng Konstitusyon ng Lupon ng mga Rehente, ay nabigo dahil kinikilala ng mga Taga-Nevada ang kahalagahan ng pagpapanatili ng sistema sa *Konstitusyon ng Nevada* ayon sa orihinal na pagkakasulat.

Ang kalayaan sa akademya ay nasa ilalim ng hindi pa nagagawang pag-atake sa buong bansa. Ang kakayahang magsagawa ng pananaliksik na makikinabang sa Estado nang mag-isa o ang pagpapanatili ng mga dalubhasang guro ay maaaring mapanganib sa pagtaas ng impluwensyang pambatasan sa mas mataas na edukasyon. Sa pamamagitan ng pagtanggali sa katayuang konstitusyonal ng Lupon ng mga Rehente mula sa *Konstitusyon ng Nevada*, pinapataas ng Tanong 1 ang posibilidad ng panghihimasok sa politika sa kurikulum at mga pamantayan sa akademya sa ating mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.

Ang Lupon ng mga Rehente ay pinakamainam na nakahanda upang magtatag ng patakaran para sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada dahil ang tanging pokus nito ay ang mas mataas na edukasyon. Ang Lupon ay namahala sa ating sistema ng mas mataas na edukasyon sa loob ng mahigit 150 taon habang ang sistema ay lumago sa laki, prestihiyo, at kumplikado, at sa panahong iyon, ang mga resulta ay umunlad. Hindi makatuwiran na ipagsapalaran ang pagkawala ng kalayaan ng Lupon, kaalaman sa institusyon, at kadalubhasaan nang walang kasiguraduhan kung ano ang maaaring ilagay ng Batasan bilang kapalit nito. Bukod pa rito, walang ebidensya na ang Lehislatura, na nagtitipon lamang isang beses tuwing dalawang taon, ay magiging mas epektibo at pagtatakda ng patakaran sa mas mataas na edukasyon kaysa sa mga nahalal na Rehente.

Ang Lupon ay napapailalim na sa makabuluhang pagsubaybay at pananagutan ng batas. Halimbawa, kamakailan ay ipinasa ng Lehislatura ang batas na nagbabago sa komposisyon ng tanggapan ng Lupon mula 13 patungong 9 na miyembro at bawasan ang mga termino ng miyembro mula anim patungong apat na taon. Dapat ding ipaliwanag at bigyang-katwiran ng Lupon ang kanilang mga desisyon sa pamamahala ng pananalapi sa Lehislatura at ang Lehislatura ang mayroong huling kapangyarihan sa pondo upang tukuyin ang halaga ng pondo ng estado para sa mas mataas na edukasyon. Sa wakas, mayroon nang kakayahan ang Lehislatura na magpataw ng mga audit sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada tulad ng pinatutunayan ng kamakailang audit ng Lehislatura sa Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada. Dahil ipinakita ng Lehislatura ang kakayahan nitong subaybayan ang Lupon at panagutin ito, hindi na kinakailangan ang konstitusyonal na pangangailangan para sa mga audit at ang pagtanggap ng konstitusyonal na katayuan ng Lupon.

Ang kasalukuyang katayuan ng Lupon sa *Konstitusyon ng Nevada* ay nagsisiguro na ang Lupon ay mananatiling nahalal, mayroong pananagutan sa mga botante, at tumutugon sa mga nasasakupan. Ang Pagsasabatas ng Tanong 1 ay magbibigay-daan sa Lehislatura na baguhin ang mga kasalukuyang patakaran at pamamaraan sa mas mataas na edukasyon at kahit na pahintulutan ang Lehislatura na gumawa ng mga miyembro ng Lupon na hinirang sa halip na inihalal.

Panatilihin ang katayuan at halalan ng Lupon ng mga Rehente sa *Konstitusyon ng Nevada*. Bumoto ng “Hindi” sa Tanong 1.

PISKAL NA TALA

Epekto sa Pananalapi—Hindi Matutukoy

Kung maaprubahan ng mga botante, ang Tanong 1 ay aalisin ang mga probisyon na namamahala sa halalan at mga tungkulin ng Lupon ng mga Rehente at ang kanilang kontrol at pamamahala sa mga gawain at pondo ng Estadong Pamantasan mula sa *Konstitusyon ng Nevada* at nangangailangan sa Lehislatura na magbigay ng batas para sa pamamahala ng Estadong Pamantasan at para sa pag-audit ng mga pampublikong institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada.

Ang mga hinaharap na hakbang, kung mayroon man, na gagawin ng Lehislatura kaugnay sa pamamahala ng Estadong Pamantasan ay hindi maasahan. Kaya’t ang magiging epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng Estado, kung mayroon man, ay hindi matutukoy nang mayroong anumang makatuwirang antas ng katiyakan.

Ang mga probisyon ng Tanong 1 na nangangailangan sa Lehislatura na magbigay ng biennial na pagsusuri ng mga pampublikong Pamantasan at iba pang institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada ay magkakaroon ng epekto sa pananalapi ng pamahalaan ng Estado. Gayunpaman, dahil hindi alam kung anong mga salik ang maaaring gamitin ng Lehislatura sa pagtukoy sa saklaw ng bawat biennial na pagsusuri, ang kabuuang gastos ng Estado para bayaran ang mga pagsusuring ito ay hindi matutukoy nang mayroong makatwirang antas ng katiyakan.

Sa wakas, nililina ng tanong na ito sa balota ang mga kasalukuyang probisyon ng *Konstitusyon ng Nevada* na mayroong kaugnayan sa pamamahala ng mga kita mula sa federal land grant na nakalaan para sa kapakinabangan ng ilang departamento ng Estadong Pamantasan sa ilalim ng federal Morrill Land Grant Act ng 1862. Gayunpaman, dahil kinakailangang pamahalaan ng Estado ng Nevada ang mga kita na iyon sa paraang hinihingi ng batas pederal, ang tanong sa balota na ito ay hindi nagbabago sa layunin o paggamit ng mga kita na iyon ayon sa batas pederal. Kaya’t walang inaasahang epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng Estado mula sa mga pagbabagong ito kung ang Tanong 1 ay aprubahan ng mga botante.